


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 8: Pangangampanya sa Pagpapatupad ng mga Batas



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 8: Pangangampanya sa Pagpapatupad ng mga
Batas
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Jeremiah G. Miralles, Ma. Fe. Alas
Editor:	Caridad P. Baginon, Farrah Rudas-Delfin
Tagasuri:	Abegail B. Rodrigo, Mico R. Cayaco
Tagaguhit:	Crisanto L. Lopera, Lemuel P. Valle Jr.
Tagalapat:	Gualberto R. Gualberto Jr., Marvin DJ. Villafuerte
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma Mariza S. Magan Arnulfo M. Balane Edgar Y. Tenasas Rosemarie M. Guino Mark Chester Anthony G. Tamayo Joy B. Bihag Gretel Laura M. Cadiong Ryan R. Tiu Ranulfo L. Baay Amenia C. Aspa Juliet L. Lim

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 - 832 - 2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 8:
Pangangampanya sa
Pagpapatupad ng mga Batas**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Lagi ka bang sumusunod sa batas? Ano kaya ang maaaring mangyari kapag hindi mo sinusunod ang batas? Ang pamahalaan ang nagtatakda ng mga gabay sa ating dapat na ikilos sa pakikisalamuha natin sa ating kapwa at pamayanan. Itinakda ng pamahalaan ang mga programa at mga alituntunin na may pagsasaalang-alang sa kabutihan ng lahat.

Ang sumusunod na mga layunin ay tatalakayin sa modyul na ito.

- Nakakalahok sa pangangampanya sa pagpapatupad ng mga batas para sa kabutihan ng lahat; **(EsP5PPP-IIIg-30)**
 - Pangkalinisan;
 - Pangkaligtasan;
 - Pangkalusugan;
 - Pangkapayapaan; at
 - pangkalikasan
- Nakatutukoy ang iba't ibang mga batas na dapat ipatupad sa barangay; at
- Nakasusulat ng pangako kung paano makatutulong sa barangay para sa kabutihan ng lahat.



Subukin

Panuto: Basahin at unawain ang bawat sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot na nagpapakita ng pakikilahok sa pagpapatupad ng batas. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Isang batas pangkalinisan ang ipinatupad sa inyong barangay upang mabawasan ang problema sa basura. Alin sa mga sumusunod ang dapat mong gawin?
 - A. Huwag pansinin ito.
 - B. Sabihin sa magulang na sila ang sumali.
 - C. Hayaan na ang iyong kapitbahay ang lumahok ditto.
 - D. Kusang lumahok sa programa upang makatulong sa kalinisan sa inyong lugar.
2. Napanood mo sa telebisyon ang paalala na bawal magsunog ng basura dahil nakakasira kasi ito ng kalikasan at nagiging sanhi ng *global warming*. Ano ang dapat mong gawin?
 - A. Hikayatin ang mga kaibigan na huwag magsunog ng basura.
 - B. Ipagsawalang bahala na lang ang napanood.
 - C. Patayin ang TV dahil hindi naman ito totoo.
 - D. Sunugin ang mga papel lamang.
3. May batas na ipinatutupad sa inyong barangay na bawal hayaan sa kalsada ang mga alagang aso. Ang inyong asong si Whitey ay laging pagala-gala sa kalsada. Ano ang dapat mong gawin?
 - A. Hihikayatin ang magulang na huwag hayaang lumabas si Whitey nang walang nag-aalaga.
 - B. Hayaan si Whitey na kunin ng mga opisyal ng barangay at ibigay sa animal shelter.
 - C. Sabihin sa opisyal ng barangay na hindi niyo alaga si Whitey.
 - D. Huwag pakainin si Whitey sa tuwing lalabas ito ng bahay.
4. Umabot sa daan-daang mga mamamayan ang nagkasakit ng *dengue*. Ito ay isang sakit na mula sa lamok na nakamamatay. Lubos na pinaigting ng *Department of Health* o DOH ang kampanya kontra sa sakit na ito at ipinagutos ang palagiang paglilinis ng kapaligiran. Paano mo maipakikita ang iyong pagsunod sa kautusang ito?
 - A. Itaob ang mga lalagyan na pwedeng pamahayan ng mga lamok.
 - B. Huwag lumabas ng bahay upang hindi makagat ng lamok.
 - C. Magsunog ng plastik upang umalis ang mga lamok.
 - D. Huwag pansinin ang panawagan.

CO_Q3_EsP 5_ Module 8

5. Ipinagbawal sa mga kabataang menor de edad ang paglabas ng bahay dahil sa COVID-19. Isa ka sa mga batang mahilig maglaro sa labas kasama ang mga kaibigan mo. Ano ang gagawin mo sa sitwasyon na ito?
- Magmukmok sa kwarto dahil hindi ka pinalabas.
 - Sundin ang batas para sa kaligtasan ng lahat.
 - Lumabas kapag walang nakakitang bantay.
 - Dumaan sa bintana upang makalabas.
6. Ipinagbabawal sa inyong komunidad ang paghihiwalay ng mga basurang nabubulok at di nabubulok para sa maaayos na pagtatapon ng basura. Ano ang maaari ninyong gawin sa tahanan upang makasunod sa ganitong alituntunin?
- Iwasan ang paggamit ng mga produktong maaaring mabulok.
 - Huwag itong sundin dahil hindi rin naman sumusunod ang inyong kapitbahay.
 - Maghanda ng magkahiwalay na basurahan para sa basurang nabubulok at di nabubulok.
 - Ilagay sa isang lalagyan lamang ang mga basura dahil kokolektahin naman ito ng *garbage collector*.
7. Ang *illegal logging* ang isa sa mga sanhi ng matinding pagbaha. Maraming mga ari-arian at buhay ang nasira dahil dito. Ano ang iyong magagawa upang masugpo ang ilegal na pagputol ng mga puno?
- Mag-*post* sa *Facebook* ng magandang epekto ng pagtanim ng puno.
 - Gumawa ng *poster* na nagpapakita ng epekto ng pagputol ng puno.
 - Gumawa ng *poster* na nagsasaad na bawal ang ilegal na pagpuputol ng puno.
 - Lahat ng nabanggit ay maaaring gawin.
8. Nakita mo ang iyong nakatatandang kapatid na nagtapon ng balat ng kendi sa labas ng inyong bahay. Ano ang dapat mong gawin?
- Pagalitan ang nakatatandang kapatid.
 - Huwag pansinin ang kanyang ginawa.
 - Ipapulot ang kalat sa nakababatang kapatid.
 - Pagsabihan ang nakatatandang kapatid ng mahinahon na itapon sa tamang lalagyan ang basura.
9. May batas na ipinapatupad sa inyong barangay na nagbabawal sa *pagvi-videoke* pagsapit ng ika-10 ng gabi. Isang pagtitipon ang nagaganap sa inyong bahay at masayang nagkakantahan ang iyong mga kamag-anak. Lampas na ng ika-10 ng gabi, tama bang pakiusapan mo ang iyong mga magulang na ihinto ang *pagvi-videoke* nila?
- Opo, dahil may batas sinusunod at nakakahiya sa mga kapitbahay.
 - Opo, dahil oras na para matulog kayo.
 - Hindi, dahil walang pakialam ang kapitbahay sa inyo.
 - Hindi, dahil nagkakasiyahan pa ang mga bisita.

10. Ipinatupad ang *curfew* sa inyong lugar. Ang mga menor de edad ay bawal lumabas pagsapit ng ika-8 ng gabi. Inutusan ka ng iyong kuya na bumili sa kapitbahay ninyo. Susundin mo ba ang kuya mo o hindi?
- A. Hindi, sasabihin ko sa kuya ko na bawal ng lumabas ang mga bata.
 - B. Hindi, dahil ayaw ko siyang inutusan ako.
 - C. Opo, susundin ko siya dahil ililibre naman niya ako ng kendi.
 - D. Opo, dahil gusto ko ring lumabas ng gabi.

Aralin 1

Pangangampanya sa Pagpapatupad ng mga Batas



Balikan

Panuto: Iguhit ang **+** kung ang sitwasyon ay may kaugnayan sa paggalang sa karapatang pantao o paggalang sa opinyon ng iba at **—** kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

- _____ 1. Tanungin nang mahinahon ang kausap kung hindi naintindihan ang sinasabi nito.
- _____ 2. Pag-aralan at sundin ang mga alituntunin ng lipunan o barangay.
- _____ 3. Tumulong sa may mga kapansanan kapag nangangailangan.
- _____ 4. Sumigaw habang nakikipag-usap kung nais marinig ang iyong gustong ideya.
- _____ 5. Pakinggan mabuti at unawain ang mungkahi ng iba bago magbigay ng komento.



Tuklasin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang nakalap na ulat. Pagkatapos ay sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Kampanya sa Kalinisan at Kaligtasan sa Barangay 78 Marasbaras ng Tacloban

Jeremiah Gabitan Miralles



Sa Brgy. 79 Marasbaras, lungsod ng Tacloban, pinaigting ang kampanya ng kalinisan upang maiwasan ang paglaganap ng mga sakit. Sa pamumuno ng kanilang punong barangay na si Hon. Herwina L. Abendaño nagkaroon ng “*Clean Up Drive*” ang barangay tuwing katapusan ng Linggo ng buwan. Sama - samang naglilinis ang mga opisyaes ng barangay, tanod, at mamamayan mula alas sais ng umaga sa kanilang komunidad.

Maliban sa kalinisan, puspusan din ang kampanya nila para sa seguridad ng mga mamamayan. Nagpatupad ang barangay ng *curfew* mula ika-9 ng gabi hanggang ika-4 ng madaling araw. Ipinagbabawal ang lumabas sa mga oras na ito maliban na lamang sa mga nagtatrabaho. Dagdag pa rito, naglilibot ang mga tanod sa gabi upang masigurong walang mga kahina-hinalang mga tao at gawain ang nagaganap sa kanilang barangay. Bukod dito ipinag - uutos din sa kanilang lugar ang pagtatali ng mga alagang aso sa bahay kung walang kulungan ang mga ito upang hindi makakagat at makapaminsala.

Ipinaaalaala ng Kapitan ng Barangay na si Hon. Abendaño na sundin at ipalaganap ang mga alituntuning ito ng kanyang kabarangay para na rin sa kaligtasan ng lahat.

Mga Tanong

1. Ano ang kampanya ng Barangay 78 sa Tacloban?

2. Ano-ano ang pinag-uutos ng programa ng barangay? Magbigay ng lima nito.

3. Sa inyong barangay, ano ano ang mga batas na ipinapatupad? Magbigay ng 2 o 3 halimbawa.

4. Mahalaga ba ang pagsunod sa mga ipinatutupad na batas sa inyong barangay? Bakit?

5. Bilang kasapi ng isang barangay, paano ka makakatulong sa panganganpampanya para sa kaayusan ng inyong lugar?



Suriin

Ang tao ay binigyan ng isang lugar na matitirahan. Lugar na maayos, payapa, at ligtas sa anumang kapahamakan. Ang pamahalaan ay nagpapatupad ng mga batas at alituntunin na dapat sundin upang mapanatiling maayos ang pamayanan. Bilang isang mag-aaral at bahagi ng pamayanan, tungkulin mong sumunod at ikampanya ang mga ipinapatupad na mga batas ng pamahalaan para sa kapayapaan, seguridad, at kabutihan ng lahat.

Ilan sa mga halimbawa ng batas na ipinapatupad sa barangay ay ang sumusunod:

1. Pagpapatupad ng *curfew* para sa mga menor de edad pagsapit ng hatinggabi.
2. Pagbabawal sa pagsunog ng mga basurang *plastic*.
3. Pagbabawal sa pagkakatat sa kalsada at iba pang pampublikong lugar.
4. Pagpapabawal sa paninigarilyo sa mga pampublikong lugar.
5. Pagpapabawal sa pag-inom ng alak sa mga pampublikong lugar.
6. Pagtatalaga ng araw para maglinis ng mga kalye at kanal sa bawat *zone area*.
7. Pagbabawal sa *videoke* at anumang ingay pagsapit hatinggabi.
8. Pagtitiyak sa kaayusan at kalinisan ng mga *drainage* at kanal.

CO_Q3_EsP 5_ Module 8

9. Pagpapatupad ng responsableng pag-aalaga ng mga hayop.
10. Paghihiwalay ng mga basurang nabubulok at di nabubulok.

Marami pang mga batas at alintuntunin sa pamayanan na kailangan mong malaman at sundin. Ang mga ito ay upang mapanatili ang kalinisan, kaligtasan, kalusugan, kapayapaan at pangangalaga ng kalikasan. Bilang isang bata, mahalaga na nauunawaan mo ang mga ito habang maaga at tumulong sa mga kampanyang ito. Maaaring may limitasyon pa ang iyong magagawa ngunit ang simpleng pagbibigay paalala sa iyong mga kasama sa tahanan tungkol sa mga batas at alituntunin, pagtulong sa pagpapanatili nang maayos, malinis at ligtas na tahanan ay malaking ambag na din. Maging huwaran ka sa iyong mga kaibigan, kaklase, pamilya, at sa iyong pamayanan sa pamamagitan ng paglahok sa mga gawain tungo sa pagkakaroon ng matiwasay na pamayanan.



Pagyamanin

Panuto: Bilang isang mamamayang sumusunod sa mga batas, ano ang gagawin mo sa bawat sitwasyong nakasulat sa loob ng kahon? Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Sumakay ka sa isang pampublikong sasakyan. Nakita mo ang drayber na naninigarilyo. Sa loob ng sasakyan ay may nakasulat na “*No Smoking*”.

Sagot: _____

2. Inilunsad sa inyong barangay ang programang *3R`s: Reuse, Reduce at Recycle*. Nakita mo ang iyong kaibigan na pinaghahalo-halo ang mga basura sa isang lagayan.

Sagot: _____



3. Ipinagbabawal sa inyong lugar ang pagsakay ng *motor* ng walang *helmet*. Nakita mo ang iyong tatay na hindi nakasuot ng *helmet* habang paalis sakay ng kanyang motorsiklo.

Sagot: _____



Isaisip

Gawain 1: Panuto: Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba. Alin sa mga ito ang nagpapakita ng pakikilahok sa pangangampanya sa pagpapatupad ng mga batas? Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel. Sa bawat sagot, sumulat ng pangungusap kung paano ipinakikita ang pagsunod sa batas.





Isagawa

Gawain 1: Panuto: Basahin ang sumusunod na mga sitwasyon. Isulat kung paano mo maipakikita ang pakikilahok sa pangangampanya sa mga batas na ipinatutupad. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Iniatas sa lahat ng mga mamamayan na magsuot ng *facemask* at sundin ang *physical distancing* upang makaiwas sa COVID 19.

2. Dahil sa bilis ng pagtaas ng bilang sa positibo ng COVID 19, ang mga Pilipino na ang edad ay 60 pataas at 21 pababa ay ipinagbabawal na lumabas ng bahay.

3. Ipinatutupad sa inyong lugar na ang mga mag-aaral ay bawal na pumasok sa *computer shop* sa oras ng klase.

Gawain 2: Panuto: Sumulat ng isang pangako ng pagtulong sa pangangampanya ng mga batas sa inyong barangay. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

Pangako: Ako'y nangangakong tutulong sa pangangampanya sa mga batas na ipinatutupad sa aming barangay para sa kabutihan ng lahat sa pamamagitan ng:

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

Pangalan ng Mag-aaral



Tayahin

Gawain 1: Panuto: Lagyan ng **tsek (✓)** kung ang pagkilos ay nagpapakita ng paglahok sa pangangampanya para sa pagpapatupad ng mga batas at **ekis (X)** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

- ___ 1. Paggamit ng *videoke* kahit ika-10 na ng gabi
- ___ 2. Paglalaro sa labas ng bahay kahit ito'y ipinagbabawal
- ___ 3. Pagtapon ng mga basura sa ilog
- ___ 4. Paggawa ng *jingle* na may menshae tungkol sa kapayapaan
- ___ 5. Pag-iwas sa mga programa ng barangay
- ___ 6. Paglagay ng mga basura sa tamang lalagyan
- ___ 7. Pagbabahagi ng tamang impormasyon tungkol sa COVID-19.
- ___ 8. Pagpigil ng pagsunog ng mga basura lalo na ang mga *plastic*
- ___ 9. Pag-post sa *Facebook* ng mga *protocol* na dapat sundin sa panahon ng pandemya
- ___ 10. Pagsunod sa oras ng *curfew* ayon sa programa ng barangay o lipunan

Gawain 2: Panuto: Isulat sa **Hanay A** ang bilang na nilagyan mo ng tsek sa Gawain 1. Sa **hanay B** isulat naman ang iyong paliwanag kung bakit ang mga sitwasyon ay nagpapakita ng paglahok sa pagpapatupad ng batas.

Hanay A (Aytem na may tsek)	Hanay B (Paliwanag sa napiling sitwasyon)



Karagdagang Gawain

Panuto: Sumulat ng isang tula o *jingle* na may mensaheng nagpapakita ng iyong paglahok sa mga patakarang ipinapatupad sa iyong barangay. Isulat ito sa iyong kuwaderno.



Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. D
2. A
3. A
4. A
5. B
6. C
7. A
8. D
9. A
10. A

Balikan

1.
2.
3.
4.
5.

Tuklasin

1. kalinisan at kaligtasan
2. maaring magkaiiba-iba ang sagot
3. maaring magkaiiba-iba ang sagot
4. maaring magkaiiba-iba ang sagot
5. maaring magkaiiba-iba ang sagot

Pagyamanin

Maaring magkaiiba-iba ang sagot.

Isaisip

C E F

Maaring magkaiiba-iba ang paliwanag sa bawat sagot.

Isagawa

Maaring magkaiiba-iba ang sagot.

Tayahin

Gawain 1

1. X
2. X
3. X
4. ✓
5. X
6. ✓
7. ✓
8. ✓
9. ✓
10. ✓

Gawain 2

Maaring magkaiiba-iba ang sagot.

Karagdagang Gawain

Maaring magkaiiba-iba ang sagot.

Sanggunian

Department of Edukasyon. 2016. K to 12 Curriculum Guide 2016 in EsP Grade 5.
Department of Edukasyon.

Ylarde, Zenaida, and Gloria Peralta. 2016. Ugaling Pilipino sa Makabagong
Panahon. Quezon: Vibal Group, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph